TALÓS
ISSN : 3155-7309
TALÓS: Saliksik sa Wika, Kalinangan, at Likas-Kayang Pag-unlad
(TALÓS: Philippine Journal of Language, Culture, and Sustainable Development)
Vol. 1, No. 2, 2026 | DOI: https://doi.org/10.65339/talos.V1.I2.9

# Kasanayang Panglingguwistika ng mga Mag-Aaral sa Pagbuo ng mga Akademikong Sulatin sa Gitna ng mga "Slang" na Wika

**Maricris Bautista Ladines**
Master of Arts in Education - Major in Filipino, University of Perpetual Help System DALTA, Las Piñas, Philippines

*Abstrak*: Nilalayon ng pag-aaral na suriin ang ugnayan ng paggamit ng makabagong slang at kasanayang panglingguwistika ng mga mag-aaral sa pagbuo ng akademikong sulatin, partikular sa talasalitaan, gramatika, kohesyon at koherensiya, at kayarian. Nakaangkla ito sa Sociolinguistic Variation Theory, Register Theory, Structural Linguistics, at Language Acquisition Device. Ginamit ang *explanatory sequential mixed-method design* na may deskriptibo-korelasyonal na pagsusuri at kuwalitatibong panayam. Lumahok ang 188 mag-aaral ng Senior High School sa Gulang-Gulang National High School, Lucena City, habang 18 ang sumailalim sa karagdagang panayam. Gumamit ng talatanungan, pagtataya sa pagsulat, rubrik, at gabay sa panayam. Natuklasan na 54% ng mga kalahok ang gumagamit ng slang araw-araw, pangunahin sa social media at pakikipag-ugnayan sa mga kaibigan. Naitala ang higit sa katamtamang kasanayan sa talasalitaan (M = 7.18), katamtamang kasanayan sa gramatika (M = 6.04) at kayarian (M = 5.67), at mababang kasanayan sa kohesyon at koherensiya (M = 4.59). Lumitaw ang makabuluhang negatibong ugnayan ng dalas ng paggamit ng slang at kasanayang panglingguwistika ($r = -0.77$, $p < .001$), bagama't hindi ito nagpapatunay ng sanhi at bunga. Ipinasiya na mahalagang balansehin ang malikhaing paggamit ng slang at mga pamantayan ng akademikong pagsulat. Inirerekomenda ang paggamit ng "Lingguwistika sa Gitna ng Slang" Learning Kit, pagsasanay sa pormal na pagsulat, at responsableng paggamit ng digital na komunikasyon. Nakaayon ang pag-aaral sa Sustainable Development Goal 4 (De-kalidad na Edukasyon) sa pagsusulong ng kasanayang pangwika at kalidad ng pagkatuto. Nagbibigay ito ng potensiyal na ambag sa likas-kayang pag-unlad ng edukasyon at pagpapanatili ng kulturang pangwika sa makabagong digital na kapaligiran.

**Mga Susing Salita** Akademikong Pagsulat, Digital Na Komunikasyon, Gramatika, Kasanayang Panglingguwistika, Kohesyon At Koherensiya, Makabagong Slang

## Introduksiyon

Ang patuloy na pag-unlad ng teknolohiya at digital na komunikasyon ay nagbubunsod ng pagbabago sa paraan ng paggamit ng wika ng kabataan. Isa sa mga kapansin-pansing pagbabago ang paglaganap ng *slang* sa social media, pagpapalitan ng mensahe, at pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan. Bagama't nagiging daluyan ito ng pagkamalikhain at pagkakakilanlan ng mga mag-aaral, naiiba ang impormal na katangian nito sa mga pamantayan ng akademikong pagsulat. Dahil dito, mahalagang suriin ang kaugnayan ng paggamit ng slang sa kasanayang panglingguwistika, partikular sa talasalitaan, gramatika, kohesyon at koherensiya, at estruktura ng sulatin. Nakatuon ang pag-aaral sa mga mag-aaral ng Senior High School sa Gulang-Gulang National High School sa Lucena City upang makapagbigay ng batayan sa pagbuo ng angkop na gabay sa akademikong pagsulat.

Ang wika ay mahalagang kasangkapan ng komunikasyon at pagpapahayag ng kaisipan. Ayon kay Mangahis (2024), binubuo ito ng mga simbolong nagsisilbing sistema upang maiparating nang maayos ang mensahe. Sa kasalukuyang panahon, ang wikang ginagamit ng mga kabataan ay patuloy na umaangkop sa mga bagong teknolohiya at ugnayang panlipunan. Inilahad nina Fadlurrohim et al. (2020) na ang mga mag-aaral ay lantad sa maraming mapagkukunan ng impormasyon sa digital na plataporma, kung saan karaniwan ang pinaikling mga salita, bagong ekspresyon, at slang. Ang mga anyong ito ay nagsisilbing paraan ng mabilis na komunikasyon at pagpapahayag ng identidad ng kabataan. Sa kabilang banda, nangangailangan ang akademikong pagsulat ng angkop na talasalitaan, wastong gramatika, malinaw na organisasyon, at lohikal na daloy ng mga ideya. Sa Gulang-Gulang National High School, binibigyang-pansin ang mga hamon ng ilang mag-aaral sa pagsulat ng sintesis, lakbay-sanaysay, replektibong sanaysay, at iba pang pormal na sulatin, habang patuloy nilang ginagamit ang slang sa pakikipag-usap at online na komunikasyon. Dahil dito, sinisiyasat ng pag-aaral kung paano nauugnay ang dalas at mga konteksto ng paggamit ng slang sa antas ng kasanayang panglingguwistika ng mga mag-aaral. Saklaw nito ang 188 mag-aaral sa Baitang 11 at 12 mula sa iba't ibang strand noong taong panuruan 2025–2026, na may pangunahing pokus sa kasanayan sa pagsulat sa Filipino.

Ipinakikita ng mga literatura na ang makabagong slang ay bahagi ng pagbabago ng wika, digital na kultura, at identidad ng kabataan. Ayon kina Gime Arjohn (2020), Velasquez (2023), Velazquez (2023), Cabrigas et al. (2020), at Noval (2021), nakatutulong ito sa malikhaing pagpapahayag at pagbuo ng mga bagong salita. Gayunman, binigyang-diin nina Noval (2020) at Zahid (2023) ang mga hamon nito sa pormal na komunikasyon. Iniugnay nina Wang et al. (2021), Rizon (2023), at Noguerra et al. (2024) ang paglaganap ng slang sa social media, pagdadaglat, at pagbabago ng estruktura ng mga salita. Kaugnay nito, binigyang-diin ng Philstar.ph at Unibersidad ng Mindanao ang kahalagahan ng talasalitaan, samantalang tinalakay nina Bastasa at Cerna (2025), Schmitt (1997), David Crystal, James Paul Gee, Arciaga (2025), at Nurhafeza et al. (2025, Malaysia) ang paglinang ng bokabularyo at angkop na paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto. Sa akademikong pagsulat, natukoy nina Dapitan at Marquez (2025), Emeterio at Santiago (2025), at Delos Reyes (2021) ang mga kahinaan sa gramatika,

organisasyon, at mekaniks, habang ipinakita nina Miranda et al. (2024) ang kahalagahan ng sistematikong pagsasanay. Kaugnay ng mga pananaw nina Stephen Krashen at Noam Chomsky, mahalagang maiba ang kaalamang pangwika sa aktuwal na pagganap. Binigyang-diin nina Catacutan, Calisang, at Fabila (2024), Gumapac et al. (2025), Dunn (2021), at Ceylan (2019) ang kahalagahan ng komprehensyon, kohesyon, at lohikal na daloy ng mga ideya. Gayundin, natukoy nina Behhay et al. (2024), Dominguez et al. (2024), Barlaan at Javier (2020), Urbano et al. (2021), Moreno et al. (2024), at Fayloga at Guzman (2021) ang mga hamon sa estruktura at organisasyon ng akademikong sulatin. Samantala, binigyang-diin nina Velasquez (2021), Langan (2019), Noguera et al. (2022), Gime at Macascas (2020), Molbog at Medrano (2021), Salvador et al. (2026), Alam et al. (2026), Costales et al. (2017), Noguera et al. (2024), Noval (2020), Manurung et al. (2022), at Gime et al. (2020) ang impluwensiya ng social media, barkada, at kulturang digital sa paggamit ng slang at kasanayang pangwika. Ayon kina Erezo at Sagala (2021), Cognizance Journal (2023), Misamis University (2021), at De Guzman at Abagon (2021), mahalaga ang aktibong paggamit ng wika at epektibong pagtuturo sa pagpapaunlad ng akademikong pagsulat. Sa kabuuan, ang slang ay nakatutulong sa pagkamalikhain at pagkakakilanlan ng kabataan, ngunit nangangailangan ng angkop na paggamit upang mapanatili ang pormalidad, wastong gramatika, at organisasyon ng akademikong sulatin.

Sa lokal na antas, nakasentro ang pag-aaral sa mga mag-aaral ng Gulang-Gulang National High School sa Lucena City. Ang kanilang pagkakaiba-iba sa baitang, edad, kasarian, at strand ay mahalagang konteksto sa pagsusuri ng dalas ng paggamit ng slang at kasanayan sa akademikong pagsulat. Ayon kay De Guzman (2023), may kaugnayan ang antas ng pag-aaral sa mga kasanayang inaasahang malinang. Iniulat nina Guzman at Fayloga (2025) na hindi palaging nagkakaiba ang kasanayan sa pagsulat batay sa kasarian, samantalang tinalakay ni Padilla (2016) ang mga pagkakaiba sa estilo ng paggamit ng wika. Kaugnay ng strand, natukoy nina Marquez at Dapitan (2025) ang mga pagkakaiba sa kasanayan sa pagsulat, habang iniulat ni Cabriga (2024) ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa ilang aspeto ng impluwensiya ng balbal batay sa edad. Mahalaga samakatuwid na siyasatin ang aktuwal na datos sa halip na magpalagay na pare-pareho ang kasanayan ng mga mag-aaral. Sa kontekstong pambansa, itinatampok ng Department of Education (2016) ang kahalagahan ng komunikasyon at pagsulat sa pagkatuto sa Senior High School. Inilahad nina Ocampo at Bernal (2019), Corpuz at Salandanan (2020), at Garcia (2018) ang pagkakaugnay ng pagpili ng strand, mga gawaing pangwika, at akademikong paghahanda, samantalang binanggit ng CHED (2021) ang pagpapatuloy ng pag-aaral sa mga kursong kaugnay ng humanidades at agham panlipunan. Tinalakay nina Ducanes at Ocampo (2019) ang partisipasyon sa Senior High School; binanggit sa datos ng DepEd (2016–2024) at DepEd NCR (2025) ang mga hamon sa transisyon at pagpapatuloy ng pag-aaral; at iniulat ng Philstar (2023) ang usapin ng pananatili ng mga kabataan sa paaralan. Kaugnay ng partisipasyon sa edukasyon at mga hamon sa pagpapatuloy nito, tinukoy rin ang datos ng Philippine Statistics Authority (2020), DepEd (2021), at Orbeta et al. (2020). Kaugnay ng digital na kapaligiran, inilalarawan ng Philippine Daily Inquirer (2023), GSMA (2021), at Statista (2022) ang mga plataporma at gawaing pangkomunikasyong nakapagbibigay-konteksto sa paggamit ng makabagong salita. Sa pandaigdigang antas, tinalakay ng UNESCO (2019; 2022) at World Bank (2018–2021) ang mga usapin ng partisipasyon, kasarian, at pagpapatuloy sa edukasyon, habang binigyang-pansin ng UNICEF (2021) ang mga hadlang na nararanasan ng mga kabataan sa sekundaryang edukasyon. Bagama't hindi tuwirang sumusukat ang mga sangguniang ito sa slang, ipinakikita nila ang mas malawak na kalagayang pang-edukasyon na dapat isaalang-alang sa pag-unawa sa mga mag-aaral. Ang paghahambing ng mga kontekstong lokal, pambansa, at pandaigdig ay nagbibigay-diin sa pangangailangang magtakda ng mga kongklusyong naaayon lamang sa saklaw ng kasalukuyang pananaliksik.

Nakaangkla ang pag-aaral sa apat na pananaw sa wika. Una, ipinapaliwanag ng Sociolinguistic Variation Theory ni William Labov ang pagkakaiba-iba ng paggamit ng wika ayon sa edad, kasarian, pangkat, at kontekstong panlipunan. Binanggit ni Rustamovna (2025) ang kahalagahan ng mga salik na ito sa pagsusuri ng padron ng komunikasyon. Ikalawa, ipinahihiwatig ng Register Theory ni M.A.K. Halliday na nagbabago ang wikang ginagamit ayon sa sitwasyon at layunin; kaya kailangang maiba ng mag-aaral ang impormal na slang sa pormal na wikang ginagamit sa akademikong sulatin. Ikatlo, ginagamit ang Structural Linguistics ni Ferdinand de Saussure upang suriin ang estruktura ng wika at ang paggamit ng mga tuntunin sa talasalitaan, gramatika, at pagbubuo ng teksto. Ayon kay Wang (2025), mahalaga ang sistematikong pagsusuri ng estruktura ng wika sa pag-unawa sa paggamit nito. Ikaapat, isinasaalang-alang ang Language Acquisition Device ni Noam Chomsky upang ipaliwanag ang kakayahan ng tao na matuto ng wika mula sa kapaligiran, gaya ng binanggit ng DELED Institute (2025). Sama-samang nagsisilbing lente ang mga teoryang ito upang maunawaan ang ugnayan ng kapaligirang panlipunan, pagpili ng angkop na register, kasanayan sa estruktura ng wika, at pagkatuto ng mga bagong ekspresyon. Sa konseptuwal na balangkas, kabilang sa mga sinusuring salik ang demograpikong propayl ng mga mag-aaral, mga uri at dalas ng paggamit ng slang, antas ng kasanayang panglingguwistika, at mga salik na nakauugnay sa kanilang paggamit nito. Ang mga datos mula sa talatanungan, mga gawain sa pagsulat, at panayam ay sinusuri upang makabuo ng mungkahing learning kit bilang gabay sa akademikong pagsulat. Hindi ipinapalagay ng balangkas na ang paggamit ng slang lamang ang sanhi ng kahusayan o kahinaan sa pagsulat; sa halip, sinusuri nito ang posibleng ugnayan ng mga baryabol.

Bagama't may mga pag-aaral tungkol sa pagbuo at paglaganap ng slang, impluwensiya ng social media, at magkakahiwalay na kasanayan sa pagsulat, nananatiling mahalagang siyasatin ang direktang ugnayan ng dalas ng paggamit ng slang at ng antas ng kasanayang panglingguwistika sa mga aktuwal na akademikong sulatin. Hindi sapat na matukoy lamang ang mga salitang ginagamit ng kabataan; kailangan ding masuri kung paano nila napapanatili ang angkop na talasalitaan, gramatika, kohesyon at koherensiya, at estruktura kapag lumilipat mula sa impormal tungo sa pormal na konteksto. Ipinakikita ng magkakaibang natuklasan hinggil sa posibleng pakinabang at hamon ng slang, pati sa ugnayan ng mga demograpikong salik at kasanayan sa pagsulat, na kailangang kumuha ng ebidensiyang nakabatay sa tiyak na paaralan at mga kalahok. Dahil dito, nakatuon ang pananaliksik sa mga mag-aaral ng Gulang-Gulang National High School upang ilarawan

ang kanilang ginagamit na slang, tukuyin ang dalas at mga salik ng paggamit nito, sukatin ang kasanayang panglingguwistika, at suriin kung may makabuluhang kaugnayan ang dalawang pangunahing baryabol. Ang mga kinalabasan ay magsisilbing batayan sa pagbuo ng praktikal na gabay o learning kit para sa higit na angkop at organisadong akademikong pagsulat.

Pangunahing nauugnay ang pag-aaral sa SDG 4 – De-kalidad na Edukasyon (Quality Education) sapagkat binibigyang-pansin nito ang pagpapaunlad ng kasanayang panglingguwistika at akademikong pagsulat sa Senior High School. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga hamon sa paggamit ng talasalitaan, gramatika, kohesyon, koherensiya, at estruktura, maaaring magbigay ang pag-aaral ng batayang ebidensiya para sa mas angkop na estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino. Ang mungkahing learning kit ay nakatuon sa pagpapahusay ng pormal na pagsulat nang kinikilala ang kasalukuyang karanasan ng mga mag-aaral sa digital na komunikasyon. Ang pagkakaugnay na ito ay nasa antas ng potensiyal na ambag sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto; hindi direktang sinukat ng pananaliksik ang mga opisyal na panukat ng SDG 4 o ang pangmatagalang epekto ng learning kit.

May kaugnayan ang pananaliksik sa pang-edukasyon, pangkultura, panlipunan, at digital na pagpapanatili at pag-unlad. Sa larangan ng edukasyon, nagbibigay ito ng batayan sa pagpapahusay ng pagtuturo ng akademikong pagsulat at pagbuo ng mga programang angkop sa pangangailangan ng mag-aaral. Sa larangan ng wika at kultura, kinikilala nito ang slang bilang bahagi ng nagbabagong identidad at komunikasyon ng kabataan, habang binibigyang-halaga ang kakayahang gumamit ng pormal na Filipino sa gawaing akademiko. Sa larangan ng teknolohiya at lipunan, ipinakikita nito ang pangangailangang maunawaan ang papel ng social media, mga kaibigan, at digital na plataporma sa paghubog ng gawi sa wika. Mahalaga rin ang pag-aaral sa mga guro, tagapangasiwa ng paaralan, at mga susunod na mananaliksik bilang batayan sa pagdisenyo ng mga interbensiyong pangwika na nakabatay sa ebidensiya. Ang multidisiplinaryong kabuluhan nito ay nakasalalay sa pag-uugnay ng lingguwistika, edukasyon, sosyolohiya, at digital na komunikasyon upang masuportahan ang patuloy na paglinang ng kasanayan sa pagsulat. Gayunman, ang mga inaasahang benepisyong ito ay dapat unawain sa loob ng saklaw ng mga kalahok at ng paaralang pinag-aralan, at hindi bilang patunay ng epekto sa lahat ng mag-aaral o sistema ng edukasyon.

## METODOLOHIYA

### *A. Disenyo ng Pananaliksik*

Ginamit sa pag-aaral ang *explanatory sequential mixed-method design* nina Creswell at Clark (2018), na sumusunod sa pagkakasunod-sunod na QUAN → qual. Sa unang yugto, ginamit ang deskriptibo-korelasyonal na disenyo upang ilarawan ang demograpikong propayl, mga uri at dalas ng paggamit ng slang, at antas ng kasanayang panglingguwistika ng mga mag-aaral batay sa talasalitaan, gramatika, kohesyon at koherensiya, at estruktura ng akademikong sulatin. Sinuri rin ang makabuluhang ugnayan ng dalas ng paggamit ng slang at kasanayan sa pagsulat nang hindi ipinapalagay ang sanhi at bunga. Sa ikalawang yugto, isinagawa ang mga follow-up na panayam upang mapalalim ang pagpapaliwanag sa mga resultang kuwantitatibo. Pinagsanib ang dalawang uri ng datos sa interpretasyon upang makabuo ng komprehensibong pag-unawa sa penomenong sinuri.

### *B. Lugar ng Pag-aaral, Mga Kalahok ng Pag-aaral at Sampol at Pamamaraan ng Pagpili*

Isinagawa ang pananaliksik sa Gulang-Gulang National High School sa Lucena City, CALABARZON, noong taong panuruan 2025–2026. Nakatuon ang pag-aaral sa mga mag-aaral ng Baitang 11 at 12 mula sa Academic Track at Technical-Vocational Livelihood Track. Pinili ang kontekstong ito upang masuri ang paggamit ng makabagong slang sa pang-araw-araw na komunikasyon at ang kaugnayan nito sa kanilang kasanayan sa pagbuo ng pormal na akademikong sulatin sa asignaturang Filipino. Ang pag-aaral ay nilahukan ng 188 mag-aaral mula sa kabuuang populasyong 355 mag-aaral ng Senior High School. Binubuo ang mga kalahok ng 104 mula sa Baitang 11 at 84 mula sa Baitang 12 na kabilang sa Accountancy and Business Management (ABM), Humanities and Social Sciences (HUMSS), Science, Technology, Engineering, and Mathematics (STEM), Home Economics (HE), Electrical Installation and Maintenance (EIM), at Shielded Metal Arc Welding (SMAW). Sa kuwalitatibong yugto, 18 mag-aaral mula sa mga nakilahok sa unang yugto ang kinapanayam upang maipaliwanag ang kanilang karanasan sa paggamit ng slang, paglipat sa pormal na wika, at mga hamon sa akademikong pagsulat. Tinukoy ang 188 kalahok sa kuwantitatibong yugto gamit ang pormula ni Slovin mula sa populasyong 355 mag-aaral. Ginamit ang *stratified random sampling* upang magkaroon ng representasyon mula sa bawat baitang at strand, kung saan isinagawa ang random na pagpili batay sa kinakailangang bilang ng kalahok sa bawat pangkat. Samantala, ginamit ang *purposive criterion sampling* sa pagpili ng 18 kalahok para sa kuwalitatibong yugto. Kabilang sa pamantayan ang pagkumpleto sa unang yugto, aktuwal na karanasan sa paggamit ng slang, at kakayahang magbigay ng masusing paliwanag tungkol sa kanilang paggamit ng pormal at impormal na wika. Nilayon ng pagpiling ito na mapalalim ang interpretasyon ng mga resultang kuwantitatibo sa halip na magkaroon ng hiwalay na estadistikal na representasyon.

### *C. Instrumento ng Pananaliksik*

Gumamit ang pag-aaral ng *researcher-made survey questionnaire*, mga gawaing pagtataya sa akademikong pagsulat, rubrik, at *semi-structured interview guide*. Ang talatanungan ay nakatuon sa demograpikong propayl, mga karaniwang slang, at dalas ng paggamit ng mga ito. Sinukat naman ang kasanayang panglingguwistika sa pamamagitan ng pagtataya sa talasalitaan, gramatika, kohesyon at koherensiya, at estruktura ng sulatin. Ginamit ang *Common European Framework of Reference for Languages* (CEFR) bilang batayan sa pagtataya ng ilang aspekto ng pagsulat. Kabilang sa mga gawaing pagsulat ang pagbuo ng self-report na may dalawa hanggang tatlong talata gamit ang makabagong slang, pagsulat ng sanaysay na may 50 pangungusap tungkol sa “Ghost Project” sa pamahalaan, at pagtukoy at pagwawasto sa mga kamaliang panggramatika. Sa kuwalitatibong yugto, ginamit ang gabay sa panayam upang mapalalim ang paliwanag sa impluwensiya ng social media, barkada, mga online personality, at paggamit ng pormal at impormal na wika. Bago gamitin, ipinasuri ang mga instrumento sa tagapayo at mga eksperto sa Filipino,

pananaliksik, at pagsukat at pagtataya upang matiyak ang kaangkupan, kalinawan, at balididad ng nilalaman. Isinama ang mga mungkahi ng mga tagasuri sa pinal na instrumento.

### *D. Baryabol ng Pag-aaral*

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa dalawang pangunahing baryabol: ang dalas ng paggamit ng makabagong slang na wika bilang malayang baryabol (independent variable) at ang antas ng kasanayang panglingguwistika sa pagbuo ng akademikong sulatin bilang di-malayang baryabol (dependent variable). Sinuri ang ugnayan ng dalawang baryabol upang matukoy kung may makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng slang sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pormal na akademikong pagsulat. Ang malayang baryabol ay tumutukoy sa dalas ng paggamit ng makabagong slang sa loob at labas ng kontekstong akademiko. Sinukat ito batay sa paggamit ng slang araw-araw, dalawa hanggang anim na beses sa isang linggo, at bihira. Samantala, ang di-malayang baryabol ay tumutukoy sa antas ng kasanayang panglingguwistika na tinaya batay sa apat na pangunahing aspekto: talasalitaan, gramatika, kohesyon at koherensiya, at kayarian o estruktura ng akademikong sulatin. Ginamit ang mga iskor mula sa mga gawaing pagsulat at itinakdang rubrik upang masukat ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Isinaalang-alang din ang mga deskriptibong baryabol, kabilang ang baitang, kasarian, strand, edad, at karaniwang pinaggagamitan ng slang. Sinuri rin sa kuwalitatibong bahagi ang mga salik na may kaugnayan sa paggamit nito, partikular ang impluwensiya ng social media, barkada, at mga online personality. Ang mga impormasyong ito ay nagsilbing karagdagang batayan sa pagpapaliwanag sa paggamit ng slang at sa kasanayang panglingguwistika ng mga kalahok. Sa pagsusuri ng pangunahing dalawang baryabol, ginamit ang Pearson product-moment correlation sa antas ng kahalagahang estadistikal na 0.05 upang matukoy ang lakas, direksiyon, at kabuluhan ng kanilang ugnayan. Bilang isang korelasyonal na pag-aaral, hindi nito nilalayong patunayan na ang paggamit ng slang ang direktang sanhi ng pagbabago sa kasanayang panglingguwistika, kundi tukuyin ang makabuluhang estadistikal na kaugnayan ng mga ito.

### *E. Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos*

Sinimulan ang pangangalap ng datos sa paghingi ng pahintulot mula sa pamunuan ng paaralan at pagkuha ng kinakailangang pahintulot mula sa mga kalahok at kanilang magulang o tagapag-alaga. Pagkatapos, pinili ang mga kalahok gamit ang itinakdang sampling procedure at ipinamahagi ang talatanungan sa pamamagitan ng Google Form o nakaimprentang kopya para sa mga walang internet access. Isinagawa rin ang mga gawaing pagsulat at pagtataya sa gramatika, na sinuri gamit ang mga itinakdang rubrik. Ang nakalap na datos ay in-encode, inayos, at sinuri upang matukoy ang mga pangunahing resulta. Matapos ang kuwantitatibong pagsusuri, pinili ang 18 kalahok para sa mga follow-up na panayam. Iniangkop ang mga tanong sa mga resultang nangangailangan ng karagdagang paliwanag, partikular sa impluwensiya ng digital na komunikasyon at mga hamon sa pormal na pagsulat. Ang mga tugon ay itinala at isinailalim sa pagsusuring tematiko. Pagkatapos ng magkahiwalay na pagsusuri, pinagsama ang mga resultang estadistikal at kuwalitatibong tema upang makabuo ng mas malalim na interpretasyon at maging batayan sa mungkahing learning kit.

### *F. Pagsusuri ng Datos*

Ginamit ang frequency at percentage upang ilarawan ang demograpikong propayl at dalas ng paggamit ng slang ng mga mag-aaral. Ang mean ay ginamit upang matukoy ang antas ng kasanayang panglingguwistika sa talasalitaan, gramatika, kohesyon at koherensiya, at estruktura. Para sa kabuuang pagtataya sa pagsulat, ginamit ang weighted mean na binubuo ng 60% mula sa pormal na sanaysay at 40% mula sa impormal na self-report. Samantala, ginamit ang *Pearson product-moment correlation* upang masukat ang lakas at direksiyon ng ugnayan sa pagitan ng dalas ng paggamit ng slang at kasanayan sa pagsulat, sa antas ng kahalagahang estadistikal na $\alpha = 0.05$.

Para sa kuwalitatibong datos, ginamit ang *thematic analysis* batay sa anim na hakbang nina Braun at Clarke (2006), na kinabibilangan ng pagpapamilyar sa datos, pagbuo ng mga paunang kodigo, pagtukoy at pagsusuri ng mga tema, pagbibigay-kahulugan sa mga tema, at pagbuo ng ulat. Pinagsanib ang mga kuwalitatibong tema at kuwantitatibong resulta sa pamamagitan ng *joint display* at integratibong interpretasyon. Isinagawa ang integrasyon sa pamamagitan ng *connecting*, *building*, at *merging during interpretation* upang maipaliwanag ang mga natukoy na ugnayan at makabuo ng mungkahing gabay sa akademikong pagsulat.

### *G. Etikal ng Konsiderasyon*

Isinagawa ang pananaliksik alinsunod sa mga pamantayang etikal upang mapangalagaan ang karapatan, kaligtasan, at pribadong impormasyon ng mga kalahok. Kumuha ng *informed consent* at *informed assent*, kabilang ang pahintulot ng mga magulang o tagapag-alaga kung kinakailangan. Ipinaliwanag ang layunin ng pag-aaral, boluntaryong paglahok, at karapatang umatras anumang oras. Gumamit ng mga participant code upang mapanatili ang pagiging kumpidensiyal ng mga pagkakakilanlan at mga tugon. Isinailalim din ang pananaliksik sa pagsusuri ng Research Ethics Committee at plagiarism checker. Sinunod ang *Data Privacy Act of 2012 (Republic Act No. 10173)* upang matiyak na ang mga nakalap na datos ay gagamitin lamang para sa layunin ng pananaliksik at mapoprotektahan laban sa hindi awtorisadong paggamit.

## RESULTA AT TALAKAYAN

### *A. Demograpikong Propayl ng mga Mag-aaral*

#### Baitang ng mga Mag-aaral

Sa kabuuang 188 kalahok, 104 o 55% ang mula sa Baitang 11, samantalang 84 o 45% ang mula sa Baitang 12. Ipinakikita ng distribusyon na mas marami ang mga kalahok mula sa unang taon ng Senior High School kaysa sa ikalawang taon. Ang ganitong distribusyon ay maaaring maiugnay sa mga hamon sa pagpapatuloy ng pag-aaral sa pagitan ng dalawang baitang. Binigyang-diin ng DepEd NCR (2025) ang mga kritikal na yugto ng transisyon sa edukasyon kung saan may mga mag-aaral na hindi nagpapatuloy dahil sa pagliban, paglipat ng paaralan, o paghinto sa pag-aaral. Gayundin, iniulat ng Philstar (2023) ang mga hamon sa pagpapanatili ng mga kabataang nasa edad 16–18 sa Senior High School. Gayunman, ang distribusyon ng kasalukuyang mga kalahok ay hindi sapat upang direktang matukoy ang aktuwal na bilang ng mga huminto sa pag-aaral.

**Kasarian ng mga Mag-aaral**

Sa 188 kalahok, 116 o 62% ang babae, samantalang 72 o 38% ang lalaki. Ipinakikita nito na mas maraming babaeng mag-aaral ang lumahok sa pananaliksik. Ang resulta ay umaayon sa mga literatura tungkol sa partisipasyon ng kababaihan sa edukasyon. Ayon sa Philippine Statistics Authority (2020), mas mataas ang antas ng pagpasok sa paaralan ng kababaihan at mas mababa ang kanilang dropout rate. Iniulat din ng DepEd (2021) ang patuloy na pakikilahok ng mga babaeng mag-aaral sa Senior High School, samantalang natuklasan nina Orbeta et al. (2020) na mas mataas ang completion rate ng kababaihan sa basic education. Nagbibigay ang mga pag-aaral na ito ng konteksto sa distribusyon ng kasarian ng mga kalahok, bagama't hindi nito direktang ipinapaliwanag ang dahilan ng pagkakaiba ng bilang sa kasalukuyang sampol.

**Strand ng mga Mag-aaral**

Pinakamarami sa mga kalahok ang mula sa Humanities and Social Sciences (HUMSS), na may 87 mag-aaral o 46%, kasunod ang Science, Technology, Engineering, and Mathematics (STEM) na may 39 o 21%. Ang Home Economics (HE) ay may 23 o 12%, Accountancy and Business Management (ABM) na may 21 o 11%, samantalang ang Electrical Installation and Maintenance (EIM) at Shielded Metal Arc Welding (SMAW) ay kapuwa may siyam o 5%. Ipinakikita nito ang pinakamataas na representasyon ng HUMSS sa pag-aaral. Ang resulta ay may kaugnayan sa katangian ng mga strand at kanilang mga gawaing akademiko. Ayon sa Department of Education (2016), nakatuon ang HUMSS sa komunikasyon, kamalayang panlipunan, at akademikong pagsulat. Iniugnay nina Ocampo at Bernal (2019) ang pagpili sa HUMSS sa interes at mga oportunidad sa karera, habang binigyang-diin ng CHED (2021) ang paghahanda ng STEM para sa mga kursong pang-agham at teknolohiya. Tinalakay naman ng TESDA (2020) ang kaugnayan ng HE sa mga industriyang nangangailangan ng praktikal na kasanayan. Ayon kina Corpuz at Salandanan (2020), nakatuon ang ABM sa negosyo at accountancy, samantalang binanggit ng DepEd TVET Report (2019) ang espesyalisadong katangian ng mga teknikal-bokasyonal na programa. Ipinakikita ng mga sangguniang ito ang magkakaibang akademiko at bokasyonal na kontekstong kinabibilangan ng mga kalahok.

**Edad ng mga Mag-aaral**

Karamihan sa mga kalahok ay nasa edad 17, na may 67 o 36%, kasunod ang edad 16 na may 59 o 31%, at edad 18 na may 45 o 24%. Ang edad 19 ay may 11 kalahok o 6%, edad 20 ay may tatlo o 1.5%, samantalang ang mga edad 21, 23, at 35 ay may tig-isang kalahok o 0.5% bawat isa. Ipinakikita ng resulta na nakararami ang mga kabataang nasa karaniwang edad ng Senior High School. Mahalaga ang edad sa pag-unawa sa pagbabago ng wika dahil aktibong nakikilahok ang kabataan sa digital at panlipunang komunikasyon. Ayon kay Eckert (2000), ang kabataan ay kabilang sa mga pangunahing nagpapasimula at nagpapalaganap ng mga pagbabagong pangwika bilang bahagi ng kanilang identidad. Sinusuportahan ito nina Tagliamonte at Denis (2008), na naglarawan sa kabataan bilang masiglang gumagamit ng mga bagong anyo ng wika sa digital na komunikasyon. Dahil dito, ang distribusyon ng edad ay nagbibigay ng konteksto sa pagsusuri ng paggamit ng slang ng mga kalahok.

**Mga Daluyan ng Paggamit ng Makabagong Slang**

Pinakamataas ang paggamit ng slang sa social media, na may 86 kalahok o 46%, kasunod ang harapang pakikipag-usap sa mga kaibigan na may 45 o 24%, at text messaging na may 32 o 17%. Samantala, 19 o 10% ang gumagamit nito sa loob ng klase o mga gawaing akademiko, habang anim o 3% ang gumagamit sa online games at Discord. Ipinakikita ng datos na pangunahing daluyan ng slang ang social media at pakikipag-ugnayan sa mga kaibigan. Ang mataas na paggamit sa social media ay umaayon sa ulat ng Philippine Daily Inquirer (2023), na naglalarawan dito bilang pangunahing espasyo ng pagpapalitan ng mga bagong salita. Binigyang-diin ng DepEd NCR (2025) ang papel ng digital na plataporma sa paghubog ng komunikasyon ng kabataan. Ayon kina Corpuz at Salandanan (2020), mahalaga rin ang interaksiyon sa mga kaibigan sa pagkatuto ng wika, samantalang iniulat ng GSMA (2021) ang laganap na paggamit ng messaging applications sa Pilipinas. Ipinahihiwatig nito na ang slang ay nakaugat sa digital at interpersonal na komunikasyon, bagama't naitatala rin ang paggamit nito sa mga gawaing akademiko.

***B.*** **Paggamit ng Makabagong Slang sa Iba't Ibang Konteksto**

**Mga Salitang Slang sa Loob at Labas ng Kontekstong Akademiko**

Lumitaw na mas mataas ang dalas ng paggamit ng karamihan sa mga salitang slang sa labas ng kontekstong akademiko. Nanguna ang *Awit* (f = 188), *Char/Chares/Charot* (f = 175), *boi* (f = 171), *Lodi/Lods* (f = 168), at *k* (f = 161). Sa loob ng kontekstong akademiko, pinakamataas ang *Awit* (f = 170), kasunod ang *Chika* (f = 150) at *k* (f = 120). Kapansin-pansing mas mataas ang paggamit ng *Chika* sa loob kaysa sa labas ng akademikong konteksto, samantalang ang *Ghost project*, *Re is tation*, *Loading yan*, *jusa*, *maem*, *Nepo baby*, at *Mapapel aney* ay naitala lamang sa loob ng akademikong konteksto. May mga salitang tulad ng *Edi wow* at *Flex/flex ko lang* na naitala lamang sa labas. Ipinahihiwatig ng resulta na nag-iiba ang paggamit ng slang ayon sa sitwasyon at layunin ng komunikasyon. Bagama't higit itong laganap sa impormal na usapan, may mga ekspresyong nagagamit din sa kapaligirang pang-akademiko. Maiuugnay ito sa pag-aaral ni Arciaga (2025), na binigyang-diin ang kahalagahan ng kamalayan sa konteksto, angkop na paggamit ng salita, code-switching, at digital literacy. Samakatuwid, mahalaga ang kakayahang matukoy kung kailan angkop gamitin ang slang at kung kailan kinakailangan ang pormal na wikang akademiko.

**Dalas ng Paggamit ng Slang**

Sa 188 kalahok, 102 o 54% ang gumagamit ng slang araw-araw, 38 o 20% ang gumagamit nito nang dalawa hanggang anim na beses sa isang linggo, at 48 o 26% ang bihirang gumamit nito. Walang kalahok ang nagpahayag na hindi sila gumagamit ng slang. Ipinakikita nito na bahagi ng regular na komunikasyon ng karamihan sa mga mag-aaral ang makabagong wikang impormal. Ang resulta ay umaayon sa pag-aaral nina Francisco at Ituralde (2025), na nagpakitang karaniwan nang ginagamit ang mga bagong salita at neolohismo

ng Gen Z sa pang-araw-araw na komunikasyon at social media. Ipinahihiwatig nito ang malawak na paglaganap ng slang sa wikang ginagamit ng kabataan. Gayunman, nananatiling mahalagang usapin ang kakayahan ng mga mag-aaral na maibukod ang impormal na ekspresyon mula sa mga pamantayan ng pormal na akademikong pagsulat.

### *C. Antas ng Kasanayang Panglingguwistika sa Akademikong Pagsulat*

#### Kasanayan sa Talasalitaan

Batay sa pagtataya sa 188 kalahok, nakapagtala ang kasanayan sa talasalitaan ng mean na 7.18, na may interpretasyong *Higit sa Katamtaman*. Ang pinakamataas na iskor ay 8.8, samantalang 3.2 ang pinakamababa. Ipinakikita nito na may relatibong mahusay na kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng talasalitaan kumpara sa iba pang aspektong sinuri. Ang resulta ay umaayon sa mga pananaw nina David Crystal at James Paul Gee na ang impormal na wika ay hindi awtomatikong hadlang sa paglinang ng kasanayang lingguwistika. Maaari itong maging bahagi ng kakayahang gumamit ng wika sa magkakaibang konteksto, lalo na kung may sapat na kamalayan sa angkop na paggamit nito (Arciaga, 2025). Gayunman, binigyang-diin ni Ricaforte (2022) ang kaugnayan ng paggamit ng cyber slang at pagkakalantad sa social media sa akademikong pagsulat. Ipinahihiwatig nito ang kahalagahan ng pagpapalawak ng bokabularyo kasabay ng pagpapanatili ng pormal at angkop na pagpili ng mga salita.

#### Kasanayan sa Gramatika

Ang kasanayan sa gramatika ay nagtala ng mean na 6.04, na may interpretasyong *Katamtaman*. Ang pinakamataas na iskor ay 8.2, samantalang 2.6 ang pinakamababa. Ipinakikita ng resulta na may batayang kaalaman ang mga mag-aaral sa paggamit ng gramatika ngunit nakararanas pa rin ng mga pagkakamali sa aktuwal na pagsulat. Ang natuklasan ay may kaugnayan sa mga pananaw nina Stephen Krashen at Noam Chomsky na maaaring may taglay na kakayahang panglingguwistika ang isang tao kahit may kakulangan sa aktuwal na pagganap. Sa konteksto ng akademikong pagsulat, nangangailangan ang mga mag-aaral ng patuloy na pagsasanay upang mapaunlad ang wastong paggamit ng balarila. Binigyang-diin nina De Guzman at Abagon (2021) ang pangangailangan sa epektibong estratehiya sa pagtuturo upang mapahusay ang paggamit ng gramatika at organisasyon ng mga ideya. Ipinahihiwatig nito ang kahalagahan ng sistematikong pagsasanay sa pormal na pagsulat.

#### Kasanayan sa Kohesyon at Koherensiya

Naitala sa kohesyon at koherensiya ang mean na 4.59, na may interpretasyong *Mababa*. Ang pinakamataas na iskor ay 7.4, samantalang 1.6 ang pinakamababa. Ito ang pinakamababang mean sa apat na aspektong sinuri, na nagpapakita ng kahinaan ng mga mag-aaral sa malinaw na pag-uugnay ng mga ideya at pagpapanatili ng lohikal na daloy ng akademikong sulatin. Ang resulta ay may kaugnayan sa pananaw nina M.A.K. Halliday at Ruquaiya Hasan tungkol sa kahalagahan ng kohesyon sa pagbuo ng malinaw at magkakaugnay na diskurso. Ayon kay Dunn (2021), ang epektibong pagsulat ay nangangailangan ng pagpaplano at organisasyon ng mga ideya, samantalang binigyang-diin ni Ceylan (2019) ang kahalagahan ng maayos na balangkas upang madaling maunawaan ng mambabasa ang argumento. Ipinahihiwatig ng natuklasan na mahalagang pagtuunan ng pansin ang paggamit ng mga pang-ugnay, lohikal na pagkakasunod-sunod ng kaisipan, at organisasyon ng mga talata.

#### Kasanayan sa Kayarian o Estruktura

Ang kasanayan sa kayarian o estruktura ay may mean na 5.67, na may interpretasyong *Katamtaman*. Ang pinakamataas na iskor ay 8.0, samantalang 2.0 ang pinakamababa. Ipinakikita nito na may batayang kakayahan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap ngunit may mga kahinaan pa rin sa organisasyon at mas komplikadong estruktura ng akademikong sulatin. Ang resulta ay umaayon sa pag-aaral nina Fayloga at Guzman (2021), na nagpakitang nakararanas ng hamon ang mga mag-aaral sa pag-oorganisa ng mga ideya at pagpapanatili ng lohikal na daloy ng sanaysay. Gayundin, iniulat nina Moreno et al. (2024) ang mga kahirapan sa pagbuo ng panimula, katawan, at konklusyon. Kaugnay ng pananaw ni Lev Vygotsky, ang pagkatuto ng wika ay nahuhubog sa pamamagitan ng interaksiyon at patuloy na pagsasanay. Ipinahihiwatig nito na kinakailangan ang gabay at sistematikong gawaing pagsulat upang higit na mapaunlad ang organisasyon at kayarian ng mga akademikong sulatin.

### *D. Mga Salik na Nakauugnay sa Paggamit ng Makabagong Slang*

#### Impluwensiya ng Social Media, Barkada, at mga Online Personality

Mula sa pagsusuring tematiko sa mga panayam, lumitaw ang tatlong pangunahing salik na nakauugnay sa paggamit ng slang: social media, barkada, at mga online personality. Inilarawan ng mga kalahok ang TikTok, Instagram, Twitter (X), at iba pang digital na plataporma bilang pinagmumulan ng mga bagong ekspresyon gaya ng *rizz*, *skibidi*, at *gyat*. Lumitaw din na ginagamit ang slang bilang eksklusibong wika o *secret code* sa barkada upang palakasin ang pakiramdam ng pagiging kabilang sa isang grupo. Samantala, ang mga influencer, streamer, at celebrity ay nagsisilbing modelo sa paggamit at pagpapalaganap ng mga bagong salita. Ang mga natuklasan ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Arciaga (2025), na nag-ugnay sa paggamit ng social media slang sa bokabularyo, kamalayan sa konteksto, at code-switching. Ipinakita nina Marbella at Estera (2021) ang impormal at malikhaing paggamit ng Filipino sa Facebook, samantalang natukoy nina Salvador, Parrar, at Yapiso (2026) ang papel ng slang sa pagkakaisa ng grupo at pagbuo ng identidad. Kaugnay nito, tinalakay nina Deyto at Marbella (2021) ang paggamit ng Filipino-Tadbalik sa pang-araw-araw na pakikipag-usap. Binigyang-diin naman ni Temporosa (2022) ang papel ng media sa pagbuo ng mga bagong salita, samantalang natuklasan nina Tura et al. (2025) na walang makabuluhang ugnayan ang dalas ng paggamit ng TXT slang at ilang kasanayan sa pagsulat sa Ingles. Ipinakikita ng mga pag-aaral na mahalagang isaalang-alang ang konteksto ng paggamit sa pagsusuri ng ugnayan ng slang at pormal na komunikasyon.

### *E. Mga Temang Kaugnay ng Slang at Kasanayang Panglingguwistika*

**Bokabularyo, Identidad, at Pag-angkop sa Pormal na Komunikasyon**

Lumitaw sa panayam ang tatlong pangunahing tema: paglawak ng bokabularyo kasabay ng mga hamon sa pormal na komunikasyon, paggamit ng slang bilang bahagi ng identidad at kultura ng kabataan, at pagkilala sa pagkakaiba ng kasuwal at pormal na komunikasyon. Ipinahayag ng ilang kalahok na nakatutulong ang slang sa malikhaing pagpapahayag at pakikipag-ugnayan, ngunit maaari rin itong magdulot ng hindi pagkakaunawaan at kahirapan sa paggamit ng pormal na gramatika. May mga kalahok ding nagsabing natututuhan nilang ihiwalay ang slang sa wikang ginagamit sa mga presentasyon at akademikong sulatin.

Ipinahihiwatig ng mga temang ito na multidimensiyonal ang papel ng slang sa kasanayang panglingguwistika. Hindi lamang ito kasangkapan ng komunikasyon kundi bahagi rin ng pagkakakilanlan at kulturang pangkabataan. Ayon kay Arciaga (2025), mahalaga ang angkop na paggamit ng wika ayon sa konteksto upang mapaunlad ang bokabularyo at kakayahang magpalit sa pagitan ng mga rehistro ng wika. Gayundin, natuklasan nina Salvador et al. (2026) na bagama't nakatutulong ang slang sa pakikipagkapwa at pagbuo ng identidad, maaaring magkaroon ng mga hamon sa malinaw na komunikasyon sa mga pormal na sitwasyon. Samakatuwid, mahalagang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ang wika ayon sa layunin at pamantayan ng akademikong pagsulat.

### *F. Makabuluhang Ugnayan ng Paggamit ng Slang at Kasanayang Panglingguwistika*

Ipinahihiwatig ng mga temang ito na multidimensiyonal ang papel ng slang sa kasanayang panglingguwistika. Hindi lamang ito kasangkapan ng komunikasyon kundi bahagi rin ng pagkakakilanlan at kulturang pangkabataan. Ayon kay Arciaga (2025), mahalaga ang angkop na paggamit ng wika ayon sa konteksto upang mapaunlad ang bokabularyo at kakayahang magpalit sa pagitan ng mga rehistro ng wika. Gayundin, natuklasan nina Salvador et al. (2026) na bagama't nakatutulong ang slang sa pakikipagkapwa at pagbuo ng identidad, maaaring magkaroon ng mga hamon sa malinaw na komunikasyon sa mga pormal na sitwasyon. Samakatuwid, mahalagang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ang wika ayon sa layunin at pamantayan ng akademikong pagsulat.

### *G. Mungkahing Gabay sa Pagpapaunlad ng Akademikong Pagsulat*

Batay sa mga natuklasan, nabuo ang mungkahing "Lingguwistika sa Gitna ng Slang" Learning Kit, na binubuo ng mini dictionary at student worksheet. Nakatuon ang kagamitang ito sa pagpapaunlad ng talasalitaan, gramatika, kayarian, kohesyon, at koherensiya. Kabilang sa mga gawain ang paghahambing at pagsasalin ng slang sa pormal na ekspresyon, pagsulat ng mga pangungusap at talatang may lohikal na daloy, at pagsasagawa ng repleksiyon tungkol sa paggamit ng impormal at pormal na wika. Ang mga gawain ay may pamantayan sa pagtataya upang masukat ang kalidad ng mga isinulat ng mag-aaral. Ang pagbuo ng learning kit ay nakabatay sa natukoy na mga pangangailangan sa akademikong pagsulat, partikular sa mababang antas ng kohesyon at koherensiya at katamtamang antas ng gramatika at kayarian. Sa halip na ganap na iwasan ang slang, ginagamit ito bilang panimulang konteksto upang malinang ang kasanayan sa pagpili ng angkop na salita at pagsasaayos ng mga ideya sa pormal na sulatin. Nagsisilbi ang mungkahing gabay bilang posibleng kagamitang panturo para sa mga guro at mag-aaral. Gayunman, ang pagiging mabisa nito sa aktuwal na pagpapataas ng kasanayang panglingguwistika ay hindi pa naitatatag sa pamamagitan ng hiwalay na pagtataya sa kasalukuyang pag-aaral.

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

### *A. Kongklusyon*

Batay sa mga natuklasan, ang makabagong slang ay mahalagang bahagi ng komunikasyon, kultura, at identidad ng mga mag-aaral, na pangunahing naiimpluwensiyahan ng social media, barkada, at mga online personality. Bagama't nakatutulong ito sa pagpapalawak ng talasalitaan at malikhaing pagpapahayag, nananatiling hamon ang pagpapanatili ng pormalidad sa akademikong pagsulat. Natukoy na higit sa katamtaman ang kasanayan ng mga mag-aaral sa talasalitaan, katamtaman sa gramatika at kayarian, at mababa sa kohesyon at koherensiya. Lumitaw din ang makabuluhang negatibong ugnayan sa pagitan ng dalas ng paggamit ng slang at kasanayang panglingguwistika ($r = -0.77$, $p < .001$), bagama't hindi ito nagpapatunay ng sanhi at bunga. Ipinahihiwatig ng mga resulta ang pangangailangang balansehin ang paggamit ng impormal at pormal na wika sa pamamagitan ng masusing pagsasanay sa akademikong pagsulat, nang hindi isinasantabi ang kahalagahan ng slang sa kultura ng kabataan.

### *B. Rekomendasyon*

Inirerekomenda ang pagpapatupad ng mga programang paggabay, pagsasanay, at workshop na nakatuon sa pagpapahusay ng gramatika, organisasyon ng mga ideya, kohesyon, koherensiya, at pormal na akademikong pagsulat. Maaaring magsagawa ang mga guro ng mga gawaing integrasyon ng wika, tulad ng pagsasalin ng slang tungo sa pormal na ekspresyon at paggamit nito sa malikhaing proyekto gaya ng tula, spoken word, at vlog. Iminumungkahi rin ang mga seminar tungkol sa responsableng paggamit ng social media at impluwensiya ng digital na kultura sa komunikasyon. Mahalagang ipatupad at palawakin ang paggamit ng "Lingguwistika sa Gitna ng Slang" Learning Kit, na binubuo ng mini dictionary at mga worksheet, upang magsilbing gabay sa pagpapaunlad ng kasanayang panglingguwistika ng mga mag-aaral sa iba't ibang strand. Para sa mga susunod na mananaliksik, inirerekomenda ang paghahambing ng paggamit ng slang sa iba't ibang paaralan at antas ng edukasyon upang higit na maunawaan ang pagkakaiba-iba ng impluwensiya ng kultura at digital na komunikasyon.

Limitado ang pag-aaral sa 188 mag-aaral ng Senior High School sa Gulang-Gulang National High School sa Lucena City noong taong panuruan 2025–2026, kaya hindi maaaring direktang ilapat ang mga natuklasan sa lahat ng mag-aaral sa ibang paaralan o rehiyon. Nakatuon lamang ang pagsusuri sa kasanayang panglingguwistika sa akademikong pagsulat at hindi sumaklaw sa mga kasanayan sa pagsasalita at pakikinig. Maaaring nakaimpluwensiya rin ang iba pang salik, tulad ng

personal na interes, edukasyon ng mga magulang, at pagkakalantad sa media, na hindi pangunahing sinuri sa pananaliksik. Dahil dito, kailangang isaalang-alang ang mga limitasyong ito sa interpretasyon at paggamit ng mga resulta.

## PASASALAMAT

Taos-pusong nagpapasalamat ang mananaliksik sa pamunuan ng Gulang-Gulang National High School sa Lucena City, lalo na kay Dr. Rolito M. Inojosa, punong-guro ng paaralan, sa pagbibigay ng pahintulot, paggabay, kooperasyon, at suporta sa pagsasagawa ng pag-aaral. Lubos ding kinikilala ang mahalagang pakikilahok ng isang daan at walumpu't walong (188) mag-aaral mula sa Baitang 11 at 12 ng iba't ibang strand, gayundin ang labingwalong (18) kalahok sa panayam, na nagbahagi ng kanilang mga karanasan, pananaw, at tugon. Ang kanilang pakikilahok ay naging mahalagang batayan sa pagsusuri ng paggamit ng makabagong slang, pagtukoy sa antas ng kasanayang panglingguwistika sa akademikong pagsulat, at pag-unawa sa mga salik na nakauugnay sa paggamit ng impormal na wika. Nagpapasalamat din ang mananaliksik kay Dr. Ernesto S. Manalo, Jr., na nagsilbing tagapayo, at sa mga kasapi ng lupon ng pasalitang pagsusuri sa kanilang mahalagang paggabay. Ang kanilang suporta ay nakatulong sa matagumpay na pagsasakatuparan ng pananaliksik at pagbuo ng mungkahing "Lingguwistika sa Gitna ng Slang" Learning Kit, na naglalayong mapaunlad ang talasalitaan, gramatika, kohesyon, koherensiya, at estruktura ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral.

## SANGGUNIANG BANGGIT

Arciaga, E. G. (2025). The level of social media slang contextualization on students' academic language proficiency and literacy development: Basis for instructional approach. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 43*(4), 487–499. https://doi.org/10.70838/pemj.430408

Barlaan, J. P., & Javier, C. L. (2020). Antas ng kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga senior high school gamit ang teknolohiya. *Multidisciplinary Research Journal, 3*, 1–8. https://ijsemss.psu.edu.ph/index.php/1/article/view/37

Bastasa, G. D., & Cerna, C. B. (2025). Mga estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan ng mga mag-aaral ng batsilyer sa sekondaryang edukasyon sa mayoryang Filipino: Isang deskriptibo-komparatibong pag-aaral. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 11*(1). https://doi.org/10.36713/epra19856

Behhay, N. N., Immangdul, H. N., Aniceto, F. M., Longgat, C. G., Jr., & Ongan, M. G. O. (2024). Kakayahang panggramatika sa Filipino ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay: Tungo sa pagbuo ng sanayang aklat. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, 4*(10), 98–107. https://www.ijams-bbp.net/archive/vol-4-issue-10-october/kakayahang-panggramatika-sa-filipino-ng-mga-magaaral-sa-pagsulat-ng-sanaysay-tungo-sa-pagbuo-ng-sanayang-aklat/

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology, 3*(2), 77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa

Cabrigas, M. E. J. C., Responte, R. C. G., Biyoyo, L. E. B., Calumpag, E. P. L., Valledor, J. F., Mapa, C. F. G., Gales, M., & Gaddi, J. A. G. (2024). Impluwensiya ng balbal sa makrong kasanayan ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2*(5), 589–606. https://doi.org/10.5281/zenodo.11145925

Caigas, J. A. J. (2024). Sulat Dalumat: Mga mungkahing teknik sa pagtuturo ng pagsulat ng akademikong sulatin sa mga mag-aaral ng senior high school. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 2*(3), 58–66. https://doi.org/10.17613/2mb2-xs71

Catacutan, F. G., Calisang, C. P., & Fabila, S. D. C. (2024). Problema ng mga estudyante sa komprehensiyon at kanilang motibasyon sa pag-aaral. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2*(12), 558–587. https://doi.org/10.5281/zenodo.14566434

Creswell, J. W., & Plano Clark, V. L. (2018). *Designing and conducting mixed methods research* (3rd ed.). SAGE Publications.

Crystal, D. (2008). *Txtng: The gr8 db8*. Oxford University Press.

De Guzman, J. A., & Abagon, B. S. (2021). Kakayahan ng mga guro sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ng senior high school. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 5*(10), 125–137. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/10/P21510125137.pdf

De Guzman, V. T. (2023). *Pananaw sa edukasyon: Kahalagahan, hamon, at mga solusyon*. Pablo Roman National High School. https://www.depedbataan.com/wp-content/uploads/2023/08/PANANAW-SA-EDUKASYON-KAHALAGAHAN-HAMON-AT-MGA-SOLUSYON.pdf

De Los Reyes, A. C. (2021). Karaniwang gramatikang pagkakamali sa pagsulat ng sanaysay tungo sa lingguwistikong kasanayan. *EPRA International Journal of Research and Development, 6*(7), 373–377. https://doi.org/10.36713/epra7727

Drouin, M., & Davis, C. (2009). R u txting? Is the use of text speak hurting your literacy? *Journal of Literacy Research, 41*(1), 46–67. https://doi.org/10.1080/10862960802695131

Ducanes, G. M., & Ocampo, D. J. S. (2019). The impact of basic education reform on the educational participation of 16- to 17-year-old youth in the Philippines. *The Philippine Statistician, 68*(2), 111–130. https://psai.ph/tps_details.php?id=121

Eckert, P. (2000). *Linguistic variation as social practice: The linguistic construction of identity in Belten High*. Blackwell Publishers.

Emeterio, C. H., & Santiago, R. L. (2025). Ang akademikong pagsulat ng mga mag-aaral kaugnay sa piling baryabol. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 11*(2), 173–186. https://doi.org/10.36713/epra20135

Fayloga, M. N. M., & Guzman, R. B. (2025). Kasanayan at karanasan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa senior high school. *EPRA International Journal of Research and Development, 10*(5), 590–602. https://doi.org/10.36713/epra21363

Francisco, L. N. A., & Ituralde, R. A. C. (2025). WikaGenZ 2: The development of language among Filipino youth. *International Journal of Research Studies in Education, 14*(4), 23–31. https://doi.org/10.5861/ijrse.2025.25832

Gee, J. P. (2012). *Social linguistics and literacies: Ideology in discourses* (4th ed.). Routledge.

Gime, A., & Macascas, C. (2020). WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas. *International Journal of Research Studies in Education, 9*(3), 41–49. https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5823

Literatus, J., & Orobia, J. A. (2024). Eduwika: Isang pagsusuri sa netspeak tungo sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2*(11), 645–663. https://doi.org/10.5281/zenodo.14226743

Mabini, M. O. (2024). Antas ng kasanayan sa pagsulat ng pananaliksik sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 2*(4), 334–346. https://doi.org/10.17613/vbr2s-1pg06

Marquez, J. C., Jr., & Dapitan, Y. C. (2025). Kakayahang panliterasi sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral sa Baitang 11 Akademik Trak sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Kalamansig. *International Journal of Open-Access, Interdisciplinary & New Educational Discoveries of ETCOR Educational Research Center, 4*(2), 55–64. https://doi.org/10.63498/nxz2st254

Miranda, R. L., Pait, R. P., Reynancia, M. L., Ado, J. M., Arcite, M. D., Reputana, L., & Esclares, D. D. (2024). Aksyong 4Ps (Pagsulat, pagsuri at pagbigay ng pidbak): Isang interbensyon sa paghasa sa kahusayang panggramatika sa wikang Filipino. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 10*(9), 420–433. https://doi.org/10.36713/epra18281

Misa, R. M. (2021). Kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral ng Grade 9 Laboratory High School ng President Ramon Magsaysay State University. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 5*(10), 58–68. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/10/I215105868.pdf

Miyamoto, A., Gauly, B., & Zabal, A. (2024). Gender differences in literacy in PIAAC: Do assessment features matter? *Large-scale Assessments in Education, 12*, Article 21. https://doi.org/10.1186/s40536-024-00208-9

Noguerra, R. J. M., Ciruela, D. M. A., Benitez, M. J. L., Buo, M. J. E., & Escobal, J. L. C. (2024). Pamamaraang paggamit sa mga salitang balbal ng mga kabataang Gen Z: Isang elektronikong pagsusuri. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, 4*(7), 15–27. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2024/08/7-IJAMS-JULY-2024-15-27.pdf

Noval, A. T. (2021). Pag-usbong ng balbal na pananalita bilang modernong wika ng kabataan: Isang pagsusuri. *International Journal of Research Studies in Education, 10*(4), 1–12. https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5069

Philippine Statistics Authority. (2019). *2019 Functional Literacy, Education and Mass Media Survey (FLEMMS)*. https://psa.gov.ph/content/psa-issues-clearance-conduct-2019-functional-literacy-education-and-mass-media-survey

Pineda, H. C. (2016, March 29). Talasalitaan: Wika at kasarian. *UPDate Online*. https://upd.edu.ph/talasalitaan-wika-at-kasarian/

Ricaforte, L. B. (2022). Social media exposure and usage of cyber slang: Bases in examining the academic writing conventions of the students. *Shanti Journal, 1*(1), 229–254. https://doi.org/10.3126/shantij.v1i1.47906

Salvador, R. T., Parrar, D. M. T., & Yapiso, L. P. (2026). Sociolinguistic perspectives on slang: Analyzing oral communication attitudes within Philippine higher education. *Journal of Interdisciplinary Perspectives, 4*(5), 41–51. https://doi.org/10.69569/jip.2024.487

Santrock, J. W. (2019). *Adolescence* (17th ed.). McGraw-Hill Education.

Sawe, M. V. (2025). Digital identity and linguistic play: A study of Filipino TikTok slang among Generation Z. *International Journal of Research and Innovation in Social Science, 9*(2), 3054–3063. https://doi.org/10.47772/IJRISS.2025.9020239

Schmitt, N. (1997). Vocabulary learning strategies. In N. Schmitt & M. McCarthy (Eds.), *Vocabulary: Description, acquisition and pedagogy* (pp. 199–227). Cambridge University Press.

Tagliamonte, S. A., & Denis, D. (2008). Linguistic ruin? LOL! Instant messaging and teen language. *American Speech, 83*(1), 3–34. https://doi.org/10.1215/00031283-2008-001

Temporosa, J. L. (2022). Morphological analysis of Filipino slang words. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 5*(10), 872–876. https://doi.org/10.5281/zenodo.7364278

Tura, A. M. P., Delos Reyes, V. C. G., Hidalgo, H. J. B., Tan, T. E., & Quiño-Justol, J. B. (2025). Influence of TXT slang on junior high students' writing skills. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 3*(2), 286–309. https://doi.org/10.17613/aw9x1-bss66

UNESCO. (2019). *Global education monitoring report 2019: Migration, displacement and education—Building bridges, not walls*. https://www.unesco.org/gem-report/en/publication/migration-displacement-education-building-bridges-not-walls

UNESCO. (2022). *Global education monitoring report 2021/2: Non-state actors in education—Who chooses? Who loses?* https://www.unesco.org/gem-report/en/publication/2022-non-state-actors-education-who-chooses-who-loses

Urbano, C. M., Gumangan, M. A., Gustilo, L., & Capacete, M. P. A. (2021). Reading and writing needs of senior high school students: The case of Filipino students in the Philippines. *Modern Journal of Studies in English Language Teaching and Literature, 3*(1), 140–166. https://doi.org/10.56498/31202154

World Bank. (2018). *World development report 2018: Learning to realize education's promise*. https://www.worldbank.org/en/publication/wdr2018

World Bank. (2021). *World development report 2021: Data for better lives*. https://doi.org/10.1596/978-1-4648-1600-0